

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINAHAP NOONG HULYO 10, 1995, IKA-9:00 NG UMAGA SA BUNAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Damalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	-
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 004
Taong 1995

KAPASYAHANANG MAPETAGANG HUMIHILING SA PROVINCIAL DIRECTOR AT POLICE SUPERINTENDENT EDUARDO P. SEBASTIAN NG SILANGANG MINDORO NA ISALIK SI CHIEF INSPECTOR MARCELINO ROMERO BILANG HEPE NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, ang Roxas PNP Station ay matagal nang panahong walang Hepe ng Pulisya at sa kasalukuyan ito ay nasa pamumuno ng opisyal ng 271st Mobile Force Company;

SAPAGKA'T, ang ganitong kalagayan ay makakaapekto sa mabilis na pagpapatupad ng mga desisyon at pagbibigay-kalutasan sa mga usaping pangkatahimikan at katiwasayan ng bayang ito sa mga panahong ang pinuno ay wala sa di-inaasahang mga pagkakataon;

SAPAGKA'T, upang higit na maging epektibo ang pagpapatupad ng mga batas at ang pagpapanatili ng katiwasayan at katahimikan sa buong pamayanan ng Roxas, kinakailangang mayroong sariling Hepe ng Pulisya ang Roxas PNP Station;

SAPAGKA'T, si Chief Inspector Marcelino Romero ay nanungkulan na bilang Hepe ng Pulisya ng Roxas at doo'y kinakitaan ng matapat at pantay-pantay na paglilingkod at nakikipag-ugnayan sa mga pinunong lokal at sa mga mamamayan at ng mahusay na pagdisiplina sa kanyang nasasakupan;

Officer

[Handwritten signature]

[Handwritten signature]

SAPAGKA'T, nararapat lamang na ang bakanteng puwesto ng Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ay mapunan kaagad upang maipagpatuloy ang maayos na paglilingkod at pagpapatupad ng batas, katahimikan at katiwasayan sa bayang ito; at

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayang ito ay nagkakaisang hilingin sa kinawakulan ang pagpapabalik kay Major Marcelino Romero bilang Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DIETO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na hilingin kay Provincial Director Eduardo P. Sebastian, na ibalik si Chief Inspector Marcelino Romero bilang Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Provincial Director at Police Superintendent Eduardo P. Sebastian, Provincial Headquarters, Calapan, Silangang Mindoro lakip ang hiling para sa madaliang pagpapsya sa bagay na ito.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi si Regional Director Leandro Mendoza, RECOM IV, Camp Vicente Lim, Canlubang, Laguna, para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon.

Pinagtibay ng lahat.

Hulyo 10, 1995


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the SB/

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Presiding Officer

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor